



TIPID TUBIG TIPS

1. I-report kaagad ang mga tubo na may tagas at ilegal na koneksyon sa Maynilad Hotline 1626.
2. Huwag iwang bukas ang gripo habang naghuhugas ng mga pinag-kainan. Gumamit ng palanggana sa pagbabanlaw para hindi maaksaya ang tubig.
3. Maghugas ng prutas at gulay gamit ang palanggana sa halip na tubig mula sa gripo. Sa ganitong paraan, malaki ang matitipid na tubig at maaari pang gamitin ang pinaghugasan upang ipandilig sa halaman.
4. Gumamit ng walis at hindi tubig mula sa hose para linisin ang inyong driveway at sidewalk.
5. Ipangdilig ng halaman ang tubig na pinaghugasan ng mga prutas at gulay.
6. Iklian ang pagligo ng isa o dalawang minuto. Sa ganitong paraan, makakatipid ng hanggang 150 galon ng tubig kada buwan.
7. Mag-designate ng isang basong gagamitin buong araw o gumamit ng water bottle para mabawasan ang mga kailangang hugasan.
8. Huwag mag-defrost ng pagkain gamit ang tumutulong tubig mula sa gripo.
9. Isara nang mahigpit ang gripo matapos itong gamitin.
10. Kuskusin ang mga maruming kawali at kaserola habang nakababad sa palanggana ng tubig.
11. Isara ang gripo habang nagsisipilyo para makapagtipid ng 25 galon ng tubig kada buwan.
12. Patayin ang shower habang nagsha-shampoo ng buhok upang makatipid ng 150 galon kada buwan.
13. Patayin ang gripo habang nag-aahit upang makatipid ng 300 galon kada buwan.
14. Habang naliligo, maglagay ng timba o palanggana malapit sa tapat ng showerhead. Ang nakolektang tubig ay maaaring gamiting pang-flush ng toilet.
15. Kapag maghuhugas ng kamay, isara ang gripo habang nagkukuskos upang di masayang ang tubig.